

KINAROROONAN, KINAROROONAN, KINAROROONAN


Paano Hanapin ang Bahay na Sarili Ninyo



May isang lumang biro sa Canada na nagsasabing ang tatlong pinakamahalagang bagay sa pagpili ng bahay ay: kinaroroonan, kinaroroonan, kinaroroonan! Habang layon nito ang maging katatawanan, totoo rin na ang isa sa pinakamahalagang mga bagay na tingnan sa pagbili ng isang bahay ay ang isang komunidad kung saan ligtas at komportable ang inyong pakiramdam, at kumbinyente para sa inyo at sa inyong pamilya.

Upang matulungan kayo sa paghahanap ng bahay na sarili ninyo, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay naghahandog ng sumusunod na mga tip kung paano pumili ng lokasyon na akma para sa inyo:

- Ang opsiyon kung saan nais ninyong manirahan ay nakadepende kung saan kayo nagtatrabaho, at paano kayo at ang inyong pamilya nais manirahan. Kung ayaw ninyong gumugol ng maraming oras sa pagmamaneho patungo at mula sa trabaho, halimbawa, maaaring nais ninyong maghanap ng lugar na malapit kung saan kayo nagtatrabaho, o may maraming opsiyon sa malapit para sa pampublikong transportasyon.
- Kung may mga anak kayo, maghanap ng kalapitbahayan na malapit sa isang mabuting paaralan. Kung aktibo ang pamilya ninyo, maaaring nais ninyong tumira malapit sa mga pasilidad ng libangan, gaya ng isang golf course, community centre, playground o pampublikong skating rink.
- Kung wala kayong sasakyan, tiyaking ang kalapitbahayang pipillin ninyo ay may maraming mga serbisyo na kakailanganin ninyo. Halimbawa, maging malapit kaya kayo sa pangangalagang pangmedikal at dental? May lugar bang dasalan sa malapit para sa inyong pananampalataya? Maaari ba kayong maglakad sa mga tindahan upang mag-shopping? May pampublikong transportasyon ba, at ihahatid ba kayo nito kung saan ninyo kailangang pumunta?
- Sa pagsaalang-alang ng lokasyon, kailangang isaalang-alang din ninyo ang halaga ng mga ari-arian sa kalapitbahayan. Ang halaga ng mga ari-arian ay ang karaniwang mga presyo ng mga bahay sa lugar. Sa karamihang mga kaso, mas mabuting bumili ng bahay sa isang kalapitbahayan kung saan ang mga presyo ng bahay ay tumataas, kaysa kalapitbahayan kung saan bumababa ang mga presyo.
- Magandang ideya rin ang malaman kung may anumang pinaplanong pagpapaunlad sa hinaharap na maaaring makakaapekto sa mga presyo ng bahay o sa mga buwis ng ari-arian. Halimbawa, posibleng ayaw ninyong bilhin ang inyong pangarap na bahay sa isang mapayapa, tahimik na komunidad, upang malaman lang na may mga planong magtayo ng mataas na gusaling pang-apartment sa tabi. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng inyong munisipyo at magtanong tungkol sa mga regulasyon ng pagpapalano at mga batas sa zoning para sa anumang lugar na interesado kayo.

- 
- Kung nag-iisip kayong lumipat sa isang kalapitbahayan kung saan hindi pa kayo pamilyar, maglaan ng panahong magmaneho o maglakad sa lugar, kapwa sa araw at sa gabi. Tingnang mabuti ang mga paaralan at iba pang lokal na mga serbisyo. Alamin kung ilang oras ang maigugugol ninyo sa pagpunta sa inyong trabaho, sa pamamagitan man ng kotse o paggamit ng pampublikong sasakyan.
 - Sa mas lumang mga kalapitbahayan, maaaring kailanganin din ninyong pumili sa pagitan ng mga bagong bahay at muling ipinagbibili na mga bahay. Ang bagong mga bahay ay mga bahay na katatayo lang, at wala pang dating nakatira. Ang muling ipinagbibili na mga bahay ay mga bahay na tinirhan na ng isa o higit pang ibang mga pamilya, at ibinibenta ng kasalukuyang may-ari. May mga pakinabang at disbentaha sa kapwa dalawang uri ng pabahay, kaya tiyakin na pasyahan ninyo kung anong uri ng bahay ang nais ninyo bago gawin ang anumang pinal na mga pagpapasya.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pabahay, makipag-ugnayan sa Canada Mortgage and Housing Corporation sa www.cmhc.ca/newcomers.